

## Mensahe ng Diyosesis ng Kyoto para sa mga Araw ng Kapayapaan, 2011 Pag-usisa sa Paggamit ng Nuclear Power, sa Paghahanap ng Kapayapaan

Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

Mag-alay tayo ang Panalangin Para Kapayapaan sa taong ito na nakikiisa sa mga biktima ng nakakatakot na lindol sa silangang bahagi ng bansang Hapon. Napakaraming mahalagang buhay ang nawala dahil sa hindi mapantayang laki ng sakuna. Dapat nating ipagpatuloy ang pananalangin sa Diyos ng awa na mahilom ang mga pagdadalamhati ng lahat na nawalan ng tahanan, kamag-anak at ikinabubuhay at na mabigyan Niya ng tapang at lakas ng loob na mabuo muli ang kanilang buhay.

Nalaman natin noong isang taon sa mensaheng pangkapayapaan ni Papa Benedicto XVI ang malapit na ugnayan ng pagtataguyod ng kapayapaan sa pangangalaga ng kapaligiran. Nguni't dahil sa nangyaring aksidente sa Fukushima Number One Nuclear Power Plant, napilitan tayong talagang tunay na pag-isipan ang bagay na ito. Ang mga lindol at tsunami ay likas na sakuna nguni't ang mga aksidente sa mga nuclear power stations ay gawa ng tao. Kahit na ang agham at teknolohiya ay bunga ng galing na bigay ng Diyos sa sangkatauhan, ang mga pamamaraan sa ikalulutas ng lahat ng problema na dala ng pag-unlad sa atomic energy ay matatagpuan sa puso ng tao. Kaya kailangan nating pag-isipan kung ang atomic energy ba, na siyang nagbabanta ng masama sa sangkatauhan at sa kapaligiran, ay sakop pa sa matatanggap na hangganan ng tamang gamit natin ng agham at teknolohiya.

Ang bansang Hapon na siyang katangi-tanging bansa sa buong daigdig na inatake ng bomba atomika ay nasa bingit na maging bansang nasira ng paggawa ng elektrisidad mula sa nuclear plant. Pansinin ninyo ang katotohanan na ang Peace Movement, na nagsusumikap na magkaroon ng daigdig na walang armas nukleyar at digmaang nukleyar, ay bumabalik sa kanyang pinagmulan at nakikita ang kanyang layunin na magkaroon ng "Isang Daigdig na ang sinuman ay mabubuhay nang ganap na buhay pangtao na ligtas at nagtatamasa ng mapayapang kaisipan." Ang kasalukuyang lipunang nagtataguyod ng modelong consumption-production, kahit tingnan sa punto ng ekonomiya at kapaligiran, ay hindi mananatili nang matagalan sa maraming bagay. Ang Pagtatanggal ng Armas ay sumusulong sa Lipunang Pandaigdig at pinagsisikapan na magkaroon ng daigdig na walang armas nukleyar. Nguni't kasabay nito, kailangan ding isipin ng tao ang hangganan ng nuclear power at ang pagtataguyod ng pananaliksik sa clean energy na hindi nakakasira sa kapaligiran.

Sa tag-init, pagsisikapan natin na makapagtipid sa ilaw at maaari nating piliin muli ang simpleng pamumuhay alang-alang sa kaligtasan at kapayapaan ng isip. Maaaring mangailangan ito ng mga sakripisyo nguni't hindi maituturing ang mga ito bilang hakbang para sa kapayapaan. Magdasal tayo na sa alinmang sulok ng bansang Hapon, sa alinmang sulok ng daigdig, ang lahat ng tao ay magsisikap na magtrabaho nang may pagkakaisa para sa Kapayapaan.





### *Panalangin Para sa Kapayapaan*

*Panginoon ,akoy iyong gawing daan ng yong kapayapaan,  
Upang maihatid ang iyong pagmamahal ,sa pusong may lumbay at kay lamig.  
Pagdurusay aking papawiin ,ligaya ang iyong ihahatid,  
At kung sakali mat may alinlangan,idudulot walang hanggang pananalig,  
Panginoon ,dalangin ko tuwina maghari ang iyong kalooban,  
Ang magmahal higit sa mahalín,Ang umunawa kaysa unawain.  
Ang magbigay na di naghihintay ng kapalit na kaginhawaan.  
Maging buhay ko may ipagkaloob .Upang sa piling moy mabuhay na walang  
Hanggan*

